



Long Beach Water

ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

Ang Kagawaran ng Patubig ng Long Beach ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig sa ika-7 ng Marso 2019 para isaalang-alang ang anumang protesta ng publiko sa mga iminumungkahing pagbabago sa mga singil sa tubig at sewer ng Lungsod na epektibo sa Abril 1, 2019. Ang isang may-ari ng account sa tubig o sewer sa Lungsod ng Long Beach ay maaaring magprotesta laban sa mga iminumungkahing pagbabago sa mga singil sa tubig at sewer sa pamamagitan ng nakasulat na protesta na kailangang maipadala sa pamamagitan ng koreo at matanggap sa petsa ng pampublikong pagdinig o nang personal sa araw ng pampublikong pagdinig.

ANG NAKASULAT NA PROTESTA AY KAILANGANG MATANGGAP SA PETSANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG Long Beach Board of Water Commissioners Attn: Executive Assistant To The Board 1800 East Wardlow Road Long Beach, CA 90807	PAMPUBLIKONG PAGDINIG SA IKA-7 NG MARSO 2019, 7:00pm Long Beach Groundwater Treatment Plant Assembly Room 2950 Redondo Avenue Long Beach, CA 90807	
ដើម្បីស្នើសុំការជូនដំណឹងនេះ ជា ភាសាផ្សេង សូមទាក់ទងទូរស័ព្ទលេខ 562-570-2300	<i>Para solicitar este aviso en otro idioma, llame al 562-570-2300</i>	<i>Para hilingin ang abisong ito sa alternatibong wika, pakitawagan ang 562-570-2300</i>

Epektibo sa ika-1 ng Abril 2019, may iminumungkahing 6 na porsiyentong pagtaas sa mga singil sa tubig.

Inaprubahan ng Board ng Mga Komisyoner ng Patubig ng Long Beach ang pagtaas ng mga singil sa tubig na binabayaran ng lahat ng customer ng Long Beach Water Department (LBWD), na nahaharap sa nabanggit na pampublikong pagdinig at pag-apruba ng Konseho ng Lungsod. Ang pagtaas ng mga singil ay magtataas sa karaniwang buwanang pinagsamang singil sa tubig at sewer para sa isang karaniwang iisang sambahayang pamilya nang \$2.74 (pinagpapalagay na 10 yunit ng billing sa parehong patubig at sewer).

Mga Iminumungkahing Singil sa Buwanang Tubig at Sewer


	Kasalukuyan	Pagtaas	Imimumungkahi
Tubig	\$45.63	\$2.74	\$48.37
Sewer	\$10.32	\$0.00	\$10.32
Buwanang Kabuuan	\$55.95	\$2.74	\$58.69

Tandaan: Ipinapakita ng table ang average na buwanang singil para sa buwanang serbisyo ng tubig at sewer sa isang karaniwang iisang sambahayang pamilya, na ipinagpapalagay na 10 yunit ng billing. Ang isang "yunit ng billing" ay 748 galon.


Itinataas ng pamumuhunan sa ating sistema ng patubig ang ating access sa pinakamababang presyong napagkukunan ng suplay ng tubig.

Para ipagpatuloy ang pagtiyak sa maaasahan at malinis na paghahatid ng tubig sa iyo at sa iyong pamilya o negosyo, ang imprastrakturang inaasahan nating lahat para sa ligtas na iniinom na tubig ay sistematikong pinapahusay. Ang pamumuhunan sa ating sistema ng patubig ay nagbibigay-daan sa ating itaas ang ating access na magbomba ng mataas na kalidad ng tubig mula sa ilalim ng lupa, ang ating pinakamurang iniinom na tubig na ipinapakita sa Tier 1 na bayarin ng iyong serbisyo ng patubig. Kabilang sa mga tumaas na puhunang ito ang pagpapaunlad at rehabilitasyon ng mga bago at kasalukuyang balon ng tubig mula sa ilalim ng lupa at mga puhunan sa teknolohiya na sumusuporta sa aming operasyon ng Groundwater Treatment Plant ng Long Beach. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng prioridad sa ating mga puhunan sa mga napagkukunan ng tubig mula sa ilalim ng lupa, maaari nating mabawasan ang ating pag-asa sa mga mas mahal at inaangkat na pinagmumulan ng suplay ng tubig.

Ang ating matatagumpay na pamumuhunan sa ating tumatandang imprastruktura ay nakikita sa bilang ng mga pangunahing sira sa patubig na nararanasan natin taun-taon. Kumpara sa pamantayan ng industriya na may tinatayang 100 pangunahing sira para sa mga utility na kasinlaki namin, ang LBWD ay nakakaranas lang ng mga 30 pangunahing sira taun-taon.



Ang mga singil sa tubig at sewer ng Long Beach kumpara sa ibang malalaking lungsod sa estado.



* Kasama ang \$14.08 na Singil para sa Sanitasyon ng Mga Distrito sa County ng Los Angeles
 ** Pinagsamang Mga Singil sa Tubig sa Golden State at Sewer ng LB

Tinatamasa ng ating mga customer ang mabababang singil para sa mga natatanging serbisyo ng tubig at sewer na kanilang natatanggap.

Lubhang seryoso naming inaako ang responsibilidad sa kalusugan at kapakanan ng komunidad at kalidad ng buhay. Nagsusumikap kami sa lahat ng paraan para magbigay ng natatanging serbisyo sa customer at sulit na halaga para sa aming mga customer, kabilang ang pagpapatupad ng pagtitipid at maingat na pamamahalang pinansyal.


Tinatamasa rin ng mga customer ng LBWD ang patuloy na mahusay na kalidad ng tubig, na nakakatugon sa lahat ng pamantayan sa iniinom na tubig para sa malinis at ligtas na tubig. Ang mga ulat taun-taon sa kalidad ng tubig ay naka-post sa website sa lbwater.org/annual-water-quality-report.

Naglalaan din kami ng iba't ibang innovative na programa at inisyatibo para sa customer support, kabilang ang mga rebate at insentibo para sa parehong efficiency sa paggamit ng tubig sa loob at labas ng tahanan.

PANUKALA 218 LEGAL NA ABISO

Tungkol sa Mga Iminumungkahing Pagbabago sa Mga Singil sa Tubig at Pampublikong Pagdinig

Long Beach Water



Long Beach Board of Water Commissioners
 1800 East Wardlow Road
 Long Beach, CA 90807

PRESORTED
 STANDARD
 U.S. POSTAGE
 PAID
 LONG BEACH CA
 PERMIT NO. 1680